



Pagpapabakuna ng Sanggol

Mga uri ng bakuna at magkano ???

Ang mga bata ay kayamanan ng bansa. Kailangan nila ng tamang pag-aaruga at para sa kanilang kalusugan ang pagpapabakuna ay kailangan. Sa kasulukuyan sa Japan ay may 5 uri ng bakuna ang kailangan bago pumasok ng elementarya. Kung aling bakuna ang uunahin ay depende sa edad ,kaya alamin nating mabuti ang tungkol sa pagpapabakuna at kung kailan dapat.

Edad ng bata

Ang bilang ng edad ng bata na magpapa bakuna ay dapat dagdagan ng 1 taon isa ng araw bago ang kaarawan. Hal: Kung pagpabakuna ng mga wala pang 2 taon gulang ang mga maaring magpabakuna ay –isang araw bago 1 taong kaarawan hanggang isang araw bago 2 taong kaarawan. At kung hindi kayo makapagpabakuna sa na-

takdang iskedyul ay magbabayad na kayo para sa pagpapabakuna. Ganoon din sa 1st term – 1st set ng 3 klase ng bakuna at Japanese encephalitis. At kung kayo ay nagpalista na para sa pagpabakuna ay hindi pa rin kayo magbabayad hanggat hindi pa lu- lampas ng Marso 2008 . Para sa 3 klase ng bakuna ,ito ay sa loob ng 3~8 linggo, at 1~ 4 na linggo para sa Japanese encephalitis .

Mga uri ng bakuna at kung ilang beses	Edad ng bata
BCG (Tuberculosis) • 1 bese	Bagong ipanganak hanggang 2 araw bago ang sanggol ay maging 6 na buwan
Tatlong klase ng bakuna 1 st term – 1 st set, tatlong beses Sa 1 st term – adisyonal na isang bese	Mula isang araw bago maging 3 buwan hanggang may edad na 2 araw bago sumapit ang ika 7 taon at 6 na buwan. Para sa 1 st term – 1 st set, ang una at ika- 2 bakuna ay maaring magpabakuna sa loob ng 3~8 linggo. At ang ika- 2 at ika- 3 bakuna ay sa loob ng 3~ 8 linggo. Ang adisyonal na bakuna ay dapat 1 taon ~1 at kalahating taon matapos mabigyan ng ikatlong bakuna
Poliomyelitis (Malubhang poliomyelitis) • 2 beses	Isang araw bago maging 3 buwan ang sanggol hanggang 2 araw bago maging 7 taon at 6 na buwan gulang. Ang ika-2 bakuna ay dapat pagkaraan ng 6 linggo matapos ang unang bakuna.
Measles/Rubella mixture Para sa 1 st term ,1 beses Para sa 2 nd term ,1 beses	Sa 1 st term : 1 araw bago 1 taong kaarawan hanggang 2 araw bago ang ika-2 taong kaarawan Sa 2 nd term: mula 5 ~ 7 taong gulang. O kaya 1 taon bago pumasok sa elementarya (mga batang ipinanganak mula April 1 ~ March 31, na nasa huling baitang ng kindergarten)
Japanese encephalitis Sa 1 st term – 1 st set, 2 beses Sa 1 st term – adisyonal na 1 beses	Mula 1 araw bago sumapit ang ika- 3 taong kaarawan hanggang 2 araw bago maging 7 taon at 6 na buwan. Sa 1 st term – 1 st set, 2 beses na babakunahan sa loob ng 1~4 linggo. Ang adisyonal na bakuna ay isang taon matapos ang ika-2 bakuna. Subalit sa kasalukuyan, ang klase ng bakunang ito ay pansamantalang ipinapatigil.

- Ipinapayo naming kumpletuhin muna ang 3 beses na tatlong klase ng bakuna(1st term – 1st set) bago magpabakuna para sa BCG at poliomyelitis. Maaring ipagpaliban ang bakuna para sa poliomyelitis.
- Mas madaling tandaan-----Kung ang inyong sanggol ay may 3 buwan na, magpabakuna ng **BCG** →(pagkalipas ng 4 na linggo o higit pa) Tatlong klase ng bakuna, 1 beses→ (pagkaraan ng 3~8 linggo) 3 klase ng bakuna ,ika-2 beses→ (pagkaraan ng 3~8 linggo) 3 klase ng bakuna, ika-3 beses→(pagkaraan ng mahigit 1 linggo)Poliomyelitis→ (pagkalipas ng 4 na linggo) . . .

Paghihigpit sa pagmamaneho ng lasing • • • Traffic safety week ngayong Spring sisimulan na!
May 11. Biernes ~ May 20. Linggo

Ang paghihigpit sa pagmamaneho ng lasing ay sinimulan na. Napansin ding dumarami ang mga banyagang nahuhuli. Ayon sa Road Traffic Law, --
 - maaring mahatawan ng hanggang 3 taong pagkabilanggo o pagmumulta ng hindi lalabis sa halagang ¥500,000

Pagmamaneho na nakainom o lasing • • •
 pagkakulong na di hihigit sa 1 taon o pagmumulta ng di hihigit sa ¥300,000 yen
Hit-and-run • • • pagkakulong ng di hihigit ng 5 taon o pagmumulta ng di lalabis ng ¥ 500,000
 Iwasan natin ang pagmamaneho ng lasing !!

Banyagang monitors kailangan!

Sisimulan ng Saitama prefecture ang "Foreign Resident Monitors Program" –paghingi ng mga opinyon ng mga banyagang residente sa pamamagitan ng Internet. Pinag-aaralan kung paano mas magiging kaaya-aya ang pamumuhay ng mga banyaga. Ang inyong suhestyon o opinyon ay makakatulong.

- Kailangan : mga 100 banyagang monitors
- Ang mga aplikante ay dapat :
 - ① May edad na 20 taong gulang mula Abril 1,2007 o mas matanda
 - ② Rehistradong residente ng Saitama prefecture o may alien registration card
 - ③ May visa o legal ang paninirahan
 - ④ Nakakabasa at nakakasulat ng Nihonggo (Hiragana)
 - ⑤ Nakakagamit ng Internet at makakapag-e-mail sa Nihonggo (Hiragana)

Kailangan ang ① ~ ⑤ namga kondisyones .

※Kung wala kayong computer, kontak in lamang ang International Division ng Saitama prefecture

- Gawain: Pagsulat/ paglagda sa mga questionnaires at pagbigay ng opinyon/suhestyon sa Saitama Pref
- Ang trabaho ay mula : June, 2007 ~ March, 2009
- Mag-apply sa URL sa :
<http://www.pref.saitama.lg.jp/A02/BQ00/index.htm>
 (Homepage ng International Division)

※Hanggang Mayo 31,2007 (Huwebes)

★Katanungan : 埼玉県国際課

TEL: 048-830-2717

●Suporta ng Bata

Alamin--“Suporta sa Pang-gastos sa eskuwela” at “Pangangailangan ng bata”

■ Suporta sa pang-gastos sa eskuwela

Ang mga munisipyo ay may mga programa upang suportahan ang mga magulang na nahhirapan sa gastusin sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Para sa mga residente ng Fujimi city alamin ang mga detalye sa city hall (School Education Division ng Fujimi city). Ang tanggapan ng aplikasyon ay tapos na subalit maari pa rin kayong magsumite ng aplikasyon. Ang suportang pinansyal na ito ay ibinibigay 3 beses sa loob ng isang taon (Pebrero, Hunyo at Oktubre).

■ Suporta sa pangangailangan ng bata

Para sa kalusugan at pangangailangan ng mga bata, ang suportang ito ay ipinagkakaloob sa magulang

Ang anak ng aplikante ay dapat nasa ika-6 na baitang ng elementarya(may edad na 12 taon gulang o mahigit, hanggang Marso 31). Subalit kung ang kinita ng magulang na aplikante noong nakaraang taon ay lumagpas sa nakasaad, hindi sila makatatanggap ng suporta. (Halimbawa: isang anak ng ang magulang ay may sariling trabaho (may kita na ¥4,600,000), empleyado ¥5,320,000 • • • ang matatanggap na allowance o suporta ay depende kung ilan ang anak.

Para sa detalye magtungo lamang sa city hall (sa Fujimino city ,Child-rearing supporting division) .Magkakaroon ng pagbabago ukol dito at ang detalye ay ipagbibigay alam namin sa inyo .

★ Kailangan -- translators para sa “Information Fujimino”

Ang“Information Fujimino” na nakasalin sa iba’t ibang wika ay mahigit 10 taon na at sa kasalukuyan ay nangangailangan kami ng iba pang maaring maging tagasalin sa kani-kanilang sariling wika. Kung nais ninyong maging bahagi o kayo ay interesado tumawag lamang sa Fujimino International Cultural Exchange Center. TEL . 049-256-4290